

1

“Isang de luxe,” sabi ni Tina Montelibano sa babaeng nasa ticket booth sa sinehan sa *SM Megamall*. Nagbago ang kanyang isip na manood sa balcony pagkakita sa maraming magkasintahan na nakahilera sa likuran niya. Nakakasiguro siyang sa balcony lahat ang punta ng mga ito.

Lalo siyang naging conscious sa kanyang pag-iisa nang sumagi sa isipan niya ang dating nobyo na si Ramil. Naninibago siya sa sarili. Hindi ba at dati niya nang gawi ang mag-isang manood ng sine? Dapat ay inasahan din niya na maraming magkakasintahan ang makakasabay niya dahil romantic film ang kanyang panonoorin!

Nagiging sentimental ka na, Tina Montelibano, sumbat niya sa sarili. You are here to relax and be by yourself!

Sa kanyang pakiramdam ay hindi siya mag-enjoy sa gabing iyon. Kapag nasimulan na niyang isipin si Ramil ay nasisira na ang kanyang araw; sumasagi sa isip niya ang dating nobyo na napakakonserbatibo na pati ang panonood niya ng sine nang mag-isa ay ipinagbabawal. Si Ramil na minahal niya hanggang

sa handa na niyang isakripisyo ang ilang bagay sa kanyang buhay.

“Miss?” Nagtatanong ang tinig ng babae sa ticket booth nang hindi pa rin tumitinag si Tina sa kanyang pagkakatayo sa harapan nito.

“S-sorry.” Namula ang mga pisngi niya nang mapansin na nasa kanya na ang ticket at ang nakahilera sa kanyang likuran ay nagsisimula nang mainip.

Sa pagkapahiya ay nagmamadali siyang pumasok sa madilim na sinehan, sandaling huminto upang sanayin ang mga mata sa dilim at nang maaninag ang mga upuan ay naupo sa bakanteng silyang malapit sa harapan. Nagsisimula pa lang ang palabas; tamang-tama ang kanyang pagdating.

“You won’t regret coming with me, Ramil,” anang isang babae na may malambing na boses.

Nakaupo ang babae sa mismong harapan ni Tina kaya dinig na dinig niya ang pagsasalita nito. Nakuha nito ang atensyon niya sa kakaiba nitong tinig. Napangiti siya nang bahagya sa sumaging ideya; maikukumpara niya ang boses ng babae sa isang pusang naglalampong! Isa pa, tinawag nitong ‘Ramil’ ang kasamang lalaki na kapangalan ng dating

nobyong. Napapikit siya sa exasperation dahil saan man yata siya bumaling ay si Ramil ang kanyang naiisip!

Paano nga ba niya ito makakalimutan? Minahal niya ito pero ano ang isinukli nito sa kanyang pagmamahal? Pinagdudahan nito ang kanyang pag-ibig, sinabihan siyang hindi siya totoo sa kanilang relasyon dahil pinatulan daw niya ang kaibigang si Jay. Masakit sa kanya ang paratang na iyon. Hindi sila nagkasundo kaya lumipad ito sa ibang bansa upang asikasuhin daw ang negosyong dati namang naaayos kahit na nasa Pilipinas ito.

Iisa lang ang dahilan ng biglaan nitong pag-alis; hindi na nito matiis na makita o makabangga siya. Masakit at lubhang napakabilis ng pangyayari para sa kanya. Isang saglit ay masaya siya sa pagkakaroon ng nobyong minamahal at nagmamahal din sa kanya, pagkatapos ay mawawala ito sa isang iglap.

“A friend of mine has seen this movie,” pagpapatuloy ng babae sa harapan niya, “and she told me that it was worth watching.” Inihilig pa nito ang ulo sa balikat ng kasama.

Nakaramdam siya ng pagkainggit pagkakita sa dalawa. Pinilit niyang mag-concentrate sa palabas.

“Marami akong naiwang trabaho, Chanda,”

naiinip na sagot ng lalaki. “I’m glad na hindi masasayang ang oras ko sa isang walang kuwentang pelikula.”

Napaupo nang deretso si Tina pagkarinig sa pamilyar na baritonong boses. Hindi siya maaaring magkamali, si Ramil ang nagsalita! Ang first instinct niya ay tumakbo palabas ng sinehan at magpakalayu-layo pero naunahan siya ng curiosity. Ganito bang magbiro ang tadhana sa kanya? Sa dami ng sinehan sa Maynila ay roon ba niya muling makikita ang binata?

Bahagya niya itong sinilip. Malay niya kung nagkamali siya at kaboses at kapangalan lang nito ang kanyang ex-boyfriend? Si Ramil ay maaaring nasa New Zealand pa rin. Napaupo siyang muli nang matagal na mapagmasdan ang profile ng binata. Si Ramil nga! Kailanman ay hindi niya maipagkakamali ang mukha nito dahil parang nakaukit iyon sa kanyang isipan. Kailan pa kaya ito bumalik sa Pilipinas?

Pagkatapos ng kanyang pagkabigla ay nakaramdam siya ng pagkainis. Sino naman ang babaeng kasama nito na mukhang high-class prostitute? Ito na ba ang ipinalit sa kanya ni Ramil? Nagkuyom ang kanyang kamay sa pagpipigil na sugurin at sumbatan sa oras na iyon ang binata. Isang

taon pa lang silang nagkakahiwalay ay may iba na ito!

“I heard that there’s a delicious love scene in this movie,” sabi ng babaeng nagnangalang Chanda na tila may pilyang naiisip.

“Bakit hindi ka na lang nanood ng X-rated?” May amusement sa tinig ni Ramil.

Bilang sagot sa sinabi ng binata ay humagikgik si Chanda. “Movies like that are too explicit,” sagot nito. “I prefer those that leave something to the imagination!”

“I bet,” bulong niya. Sa kanyang palagay ay mahilig ding makipag-sex phone ang babaeng ito! Flirt! Hindi marunong mahiya! Garapal! Lahat ng masasamang salitang maisip niya ay gusto niyang ipagsigawan dito. Napulot ba ni Ramil ang babaeng ito sa New Zealand?

Sa madilim na sinehan ay naglaro ang imahinasyon ni Tina. Paano kung pinapatulan na pala ni Ramil ang babae? Hindi kaya gumagawa na pala ng milagro ang dalawa sa sinehan kaya panay ang tawa ng babae?

Sa isiping iyon ay nagkulay pula ang kanyang paningin kaya nang muling humagikgik si Chanda ay hindi na niya napigilan ang sarili. Inagaw niya ang plastic cup ng lalaking dumaraan sa harapan niya

at walang pag-aatubiling ibinuhos ang lamang soft drink sa ulo ng babae. Iisa lang ang nasa isip niya: palalamigin niya ang libido nito!

“Aayy!” Napasigaw si Chanda sa gitna ng pagsasalita nito. Napalitan ng pampalengkeng pagtili ang bedroom voice nito. Napatayo ito at hinarap ang nagkamaling gumawa rito ng kasalanan. Sa kasamaang-palad, ang lalaking may-ari ng plastic cup ang namataan nito sa mismong likuran kaya ito ang napagbintangan. “Tatanga-tanga ka kasi!” galit na galit na sigaw nito.

“Miss, hindi ako ang nagbuhos—” Hindi naituloy ng inosenteng lalaki ang pagsasalita sa pagsabad ni Chanda.

“Bastos!” sigaw nito at ibinaling ang atensyon sa natitigilang katabi. “Ramil,” umiiyak na sumbong nito, “binabastos ako ng lalaking ito. Sinadya yata niya akong buhusan!”

Hindi napansin ni Ramil ang reklamo ni Chanda dahil ang buong atensyon nito ay na kay Tina at sa nanlilisik niyang mga mata. “Tina?” di-makapaniwalang bulalas nito.

“Ramil, ano ba?” Nagsisimula nang mainis ni Chanda nang hindi ito ipagtanggol ng kasama. “Hindi

mo ba sisitahin ang lalaking ito?”

Biglang natauhan si Tina nang tawagin siya ni Ramil. *Diyos ko! Bakit ko ba ito nagawa sa isang pampublikong lugar? Sa labis na pagkapahiya sa sarili at sa pagnanais na makalayo kay Ramil ay nagmamadali siyang umalis.*

“Tina!” tawag ng binata pero hindi niya pinansin.

Hindi siya tumigil sa pagtakbo hangga’t hindi nakakasigurong nakalayo na siya sa ex-boyfriend. Nakahinga lang siya nang maluwag nang makaalis sa *SM Megamall* lulan ng sariling kotse.

Why did you do it, Tina? uyam niya sa isip. Bakit ba apektado ka pa rin na makitang may iba na si Ramil?

2

“Tina, bumalik na si Ramil!” excited na bungad ng bagong dating na si Rose sa pintuan ng kuwarto ng apartment na tinitirhan nilang dalawa sa Quezon City.

Sinalubong ng katahimikan ang malakas na pahayag nito dahil ang kaibigan at kasama sa apartment na si Tina ay mahimbing na natutulog. Pabagsak nitong inilapag ang travelling bag at mga pasalubong na galing Cavite. Tanghali pa ang klase nito sa kinukuhang Master’s Degree in Economics ngunit madaling-araw na itong umalis sa Cavite upang maagang makarating sa Maynila, hatid ang balitang dumating na si Ramil mula sa isang taon nitong pamimirmihan sa New Zealand.

Ngunit mukhang nawalan ng saysay ang pagdating nito nang maaga sa apartment dahil tutulugan lang ng kaibigan ang magandang balita!

“Tina!” Niyugyog nito ang nahihimbing na dalaga. “Tina, bumalik na si Ramil!”

Dahan-dahan niyang iminulat ang mga mata at nakitang nakatingin si Rose sa kanya. “Anong oras na ba?” wala sa sariling tanong niya. Narinig ba niyang

binanggit ng kaibigan si Ramil? Ipinikit niyang muli ang mga mata. Marahil ay bahagi lang ito ng kanyang magandang panaginip....

“Tina, six o’clock na,” panggigising nito. “May stretching class ka ng seven o’clock. Nakakahiya sa mga estudyante mo kung male-late ka na naman.”

Physical Education instructor si Tina ng Aerobics at Stretching sa *University of the Philippines* habang isinasabay roon ang pagkuha ng Master’s Degree in Public Administration. Napaka-hectic ang schedule niya nitong nakaraang mga araw dahil malapit nang magsara ang semester. Abala siya sa pag-aaral at pagtuturo kaya halos wala pa siyang oras para umuwi sa Cavite.

“Tina!” malakas na tawag ni Rose. “Hindi ka ba interesado sa ibabalita ko?”

“Ano ba ’yon?”

“Nabalitaan ko mula kay Auntie Margarita na dumating na ang pinsan kong si Ramil!”

Hindi siya kaagad nagsalita kaya inakala nitong nabigla siya. Hindi niya nasabi rito na alam na niyang dumating na si Ramil at nakita niya ito sa loob ng sinehan na may kasamang ibang babae! Minabuti niyang ilihim na lamang ang muli nilang pagkikita

ng dating nobyo dahil na rin sa nakakahiya niyang inasal. “Bumalik na pala siya,” kalmante niyang sabi.

Tumango ito. “Hindi ka ba natutuwa?”

Mabilis siyang bumangon at tiningnan nang masama ang kaibigan. “Mas mabuti kung hindi na siya bumalik.”

Natigilan ito dahil inakala nitong matutuwa siya sa pagbabalik ni Ramil. Matagal din niyang iniyakan ang pinsan nito. “Hindi pa rin ba lumalamig ang ’yong ulo pagkalipas ng isang taon?”

“Galit na galit pa rin ako. Kung siya lang ang pag-uusapan natin ay huwag na muna tayong mag-usap, Rose.”

Pumalatak ito. “Pinaandar mo na naman ang pride mo.”

“Tapos na kami ni Ramil. Lumuhod man siya sa bubog ay hindi ko na siya matatanggap. Huli na ang dating niya; man-hater na ako!”

“Man-hater, ha!” nagdududang sagot nito. “Ikaw ang kahuli-hulihang babae na magiging man-hater, alam mo ’yan. Masyado kang mahilig sa guwapo!”

Guwapo. Kapag naririnig niya ang salitang iyon ay naaalala niya si Ramil. Para sa kanya ay ang

una niyang pag-ibig ang pinakaguwapong lalaki na nakilala niya. *Diyos ko! Ano na naman ba ang iniisip ko? Wala na akong damdamin para sa kanya!* pangungumbinsi niya sa sarili.

“... mag-usap sana kayo,” pagpapatuloy ni Rose. “Hindi naging maganda ang paghihiwalay ninyo noon. Kung sakaling—”

“Please, Rose. Ayoko nang makinig,” nangungunsuming sagot niya.

Nakadama ng frustration si Rose sa pambabalewala niya. “Wala ka na bang pagtingin sa kanya?”

“Wala na.”

“Wala? Ni katiting?” pangungulit nito.

“Wala!” sigaw niya.

“Hindi ako naniniwala,” napapangiting tugon nito.

Tinalikuran niya ang kaibigan at lumabas sa kuwarto papuntang bathroom. Bakit ba ang kulit ni Rose? Kunsabagay ay nanalaytay ang dugo nito sa kakulitan dahil pinsang-buo nito si Ramil.

“Isang taon pa lang kayong naghihiwalay, hindi mo na siya mahal?” Sinundan siya nito.

Pumasok siya sa bathroom at pabalyang isinara ang pinto niyon sa mismong harap ng nang-uusisang mukha ni Rose. “Hindi maganda ang alaala ni Ramil kaya madaling kalimutan,” singhal niya.

“Bakit may paiyak-iyak ka sa madaling-araw kapag inakala mong tulog na tulog na ako?’ Hindi nito napigilang isatinig ang nasa isip.

Saglit siyang tumahimik, walang mahagilap na sabihin. “Hindi si Ramil ang iniiyakan ko kung ’yan ang tinutumbok mo,” malamig niyang sagot.

“Eh, sino?”

“T-trabaho. M-masyado akong pressured sa trabaho at pag-aaral—”

“Bakit may pasuntok-suntok ka pa kay Ramil Jr.?”

Kumunot ang kanyang noo. “Sinong Ramil Jr.?”

“Iyong stuffed toy na katabi mo tuwing gabi, iyong ibinigay sa ’yo ni Ramil,” napapangiting sagot nito.

Namula ang kanyang mukha sa magkahalong pagkapahiya at pagkainis. Uminit ang pakiramdam niya sa kabila ng malamig na tubig na bumubuhos sa kanya mula sa shower. “Ano ngayon ang gusto mong palabasin?”

“That there’s no point in denying that you’re still in love with him.”

“Maniwala ka sa gusto mo. I know what I feel!”

“Alam mo nga ba, Tina?” tanong ni Rose bago siya tuluyang iniwan.

Matagal nang nakaalis ang kaibigan pero pinag-iisipan pa rin ni Tina ang huling sinabi nito. Idinidikta ng kanyang puso na mahal pa rin niya si Ramil pero inuutusan naman niya ang isip na kalimutan na ito. Paano niya ito mabubura sa isip gayung tuwing may lalaking lalapit sa kanya ay naikukumpara niya ito kay Ramil? Napakahirap dayain ng puso dahil marami na silang masasayang alaala ng binata.

Sa sandaling kahinaan ay kukumbinsihin niya ang sariling ginagawa niya ang nararapat. Alalahanin lang niya ang matinding pag-aaway nila ay bumabalik ang kanyang pagkagalit....

“Are you sure, Tina?” nag-aalangang tanong ni Jay sa dalaga habang pinagmamasdan ang kabuuan ng kuwartong ibinigay niya rito sa kanyang bahay sa Cavite. “Sigurado ka bang okay lang sa mga magulang mo ang pamamalagi ko rito?” dagdag nitong tanong.

“Sabi nang oo,” mariing sagot niyang napapangiti. Ilang beses na nitong itinanong sa kanya iyon at ilang beses na rin niyang sinagot in the affirmative. Malaki ang bahay ng pamilya niya sa Cavite—kung tutuusin ay isa sa mga pinakamalaki at pinakamagarang bahay sa probinsya—kaya minabuti niyang patirahin pansamantala ang kaibigan sa bahay habang ginagawa nito ang librong isinusulat sa Philosophy.

Ideal ang kuwartong ibinigay niya kay Jay dahil may naka-install na computer doon at may veranda kaya matatanaw ang malawak nilang bakuran na puno ng bulaklak at punong-kahoy. Ang hinahanap nito ay katahimikan na nandoon sa probinsya.

“Komportable ka ba sa kuwartong ito?” tanong niya.

“This room is perfect!” nasisiyahang sagot ni Jay. “Hindi ako magtataka kung matapos ko nang hindi oras ang librong isinusulat ko.”

“Basta ba first copy ng libro ay sa akin. Siyempre, ilalagay mo rin ang pangalan ko sa acknowledgment,” pagbibiro niya.

Nakilala niya si Jay sa universidad kung saan pareho silang nagtuturo; si Tina ay PE instructor samantalang si Jay ay Philosophy professor. Hindi

naman nagkakalayo ang agwat ng kanilang edad at ugali kaya naging malapit silang magkaibigan, na kung minsan ay pinagseselosan ng kanyang nobyong si Ramil. Napailing siya sa huling naisip. Maiintindihan niya kung magselos ang nobyo sa ibang lalaki na nakakasama niya pero ang pagselosan si Jay.... Lihim siyang napangiti dahil ang turing niya kay Jay ay isang nakatatandang kapatid!

“Kapag may kailangan ka, tawagin mo lang ako sa kuwarto o kaya ay hingin mo ang tulong ni Aling Meldy,” tukoy niya sa katulong.

“Salamat, Sis,” pahabol na sabi nito bago siya tuluyang nakalabas ng kuwarto.

Alas cuatro ng hapon nang makarating sila roon mula sa Maynila. Tumingin siya sandali sa wall clock at nakitang mag-a-alas-cinco na. Malapit nang dumating si Ramil na nagmula rin sa Maynila.

Semestral break noon kaya ipinasya ni Ramil na magbakasyon sa Cavite kung saan ay may malaking bahay rin ang pamilya nito upang magkasama silang palagi ni Tina. Gumaan ang pakiramdam niya nang maalala ang nobyo. Ilang linggo rin silang hindi nagkasama dahil parehong hectic ang kanilang schedule; siya ay busy sa paperworks at grades ng mga estudyante niya samantalang si Ramil ay abala

sa sariling kompanya bilang presidente nito.

Kung minsan ay hindi pa rin siya makapaniwala kung bakit minamahal siya ni Ramil. Kung tutuusin ay wala naman siyang maipagmamalaki sa sarili maliban sa edukasyon at ang pagiging miyembro niya ng pamilya Montelibano—ang itinuturing na isa sa mga maiimpluwensyang pamilya sa Cavite.

Maliban sa mga iyon ay hindi na siya maaaring makipagkompetensya sa mga babaeng naghahabol kay Ramil. Hindi siya sophisticated gaya ng modelong si Tanya Benigno; hindi rin siya maaasahan sa mga gawaing-pambabae dahil hindi siya marunong magluto kahit ilang beses na niyang ninais matuto; lalo rin siyang hindi maaaring ipagmalaki ng nobyo sa mama nitong si Mrs. Margarita Villar.

Pakiramdam niya ay isa siyang singaw sa mga magandang babaeng umaaligid kay Ramil kaya sa kanyang labis na pagkabigla ay siya ang minamahal ng binata. Of course, madalas sabihin ni Rose—pinsan ni Ramil at matalik niyang kaibigan—na marami siyang dapat ipagmalaki.

Pumasok siya sa sariling kuwarto na nasa kabilang corridor ng malaking bahay. Iniligpit niya ang ilang kalat at ipinasyang maghanda na para sa pagdating ng nobyo. Katatapos lang niyang mag-

shower nang may kumatok sa pinto ng kuwarto.

“Sino ’yan?” tanong niya.

“Jay,” sagot sa labas ng pinto. “Puwede bang pumasok?”

Pinagbuksan niya ito dahil disente naman siya sa suot na bathrobe. Isa pa, hindi naiiba si Jay sa kanya para isiping lagyan ng malisya ang pagpunta nito sa silid niya.

Napangiti siya nang makitang nakakunot ang noo nito at magulo ang buhok, nagpapatunay na nagsimula na itong magsulat ng libro. Ugali nito na guluhin ang buhok kapag nagtatrabaho o nagko-concentrate.

“May cassette tapes ka ba riyan?” tanong nito. “Nakalimutan kong dalhin ’yong mga paboritong tapes ko. Hindi pa naman ako makapagtrabaho nang walang music.”

Napapailing na pinapasok niya ang kaibigan at tinuro ang cassette tapes na nakahilera sa isang gilid. “Bahala ka nang mamili riyan,” aniya.

“Going out?” tanong nito nang mapansin na bagong ligo ang dalaga.

“Darating si Ramil mamaya,” sagot niya. “Wala

ka na bang ibang kailangan? Sabihin mo na habang narito ako.”

Pumalatak si Jay. “Wala na akong mahihiling pa. Paano ba kita magagantihan sa ’yong hospitality?”

“Katulad ng sinabi ko, ilagay mo na lang ako sa acknowledgment sa libro mo.”

“Okay, okay,” natatawang sagot nito. “Ano ba ang ilalagay ko? To Maria Conchitina Montelibano for her undying—” Hindi nito naituloy ang sasabihin nang kurutin niya sa tagiliran.

“Hindi bale na lang!” naiinis na sagot niya.

Alam ni Jay na kinaiinisan niya sa lahat ang tawagin siya sa tunay na pangalan. Maria Conchitina Montelibano. Para sa kanya ay bandera ang pangalan niya ng pagiging aristokrata ng kanyang pamilya, nagpapakita na kabilang siya sa pamilya na direktang nagmula sa mga Kastila na nanakop sa bansa noong unang panahon.

Inakbayan nito si Tina pagkatapos maghanap ng cassette tape. “What’s wrong with your name? Napaka-aristocratic nga ng dating.”

“Kaya nga ako naaalibadbaran!”

“Marami akong alam na naiinggit sa pangalan

mo,” pahayag nito.

“A simple Tina will do. Mas gusto ko—” Hindi niya naituloy ang sasabihin nang mapansin ang binatang nakatayo sa may pintuan. “Ramil!” natutuwa niyang bati.

Hindi niya namalayan ang pagdating nito. Gaano na ba ito katagal na nakikinig sa usapan nila?

“Ano’ng ginagawa ng lalaking ’yan sa kuwarto mo?” galit na tanong ng nobyo.

Napaatras si Tina sa tono ng pananalita nito na parang may masama siyang ginagawa. Pinamulahan siya ng mukha nang mapansing nakaakbay si Jay sa kanya habang siya ay nakasuot lang ng bathrobe. *Diyos ko!* nausal niya sa sarili. Binigyan nito ng malisya ang pagpunta ni Jay sa kuwarto niya. Hindi niya ito masisisi dahil hindi pa nito alam na pinapatira niyang sandali ang kaibigan sa bahay nila.

“Ramil—”

“What’s he doing here!” singhal nito. Madilim ang mukha nito, tila nagpipigil na suntukin si Jay.

“Pinatira ko siya rito—”

“Sa kuwarto mo?” sarkastikong sabad nito. “Wala ka bang kahihyan?”

“Marumi ang utak mo!” Nasigawan na niya ito sa nadaramang pagkahiya at pagkagalit. “Wala kaming ginagawang masama ni Jay!”

“Gusto mo ba akong mapaniwala na inosente lang ang eksenang inabutan ko?” galit na tanong nto. “Ako pala ang makitid ang utak, ano?”

“Ano pa ba ang tingin mo sa sarili mo?” ganti niyang insulto. “Humihiram lang si Jay ng cassette tapes—”

“Na may paakbay-akbay pa?” sabad nito. “Saan ka nakakita ng disenteng babae—”

“Shut up, Ramil!” Namumula na siya sa galit dahil harap-harapan siyang iniinsulto ng nobyo. Kung hindi lang siya nakapagpigil ay ipinadyak na niya ang mga paa na tulad ng ginagawa noong kabataan. Hindi niya akalain na nasa ganoon silang sitwasyon; para silang nasa soap opera sa TV!

“Bakit hindi mo sinasabing nagdadala ka ng lalaki sa kuwarto mo?” pagpapatuloy na sumbat nito. “Ako ang nobyo mo pero hindi pa ako naimbita rito.”

“Tapos ka na ba sa pang-iinsulto mo?” naiiyak niyang tanong. Bawat salita ni Ramil ay nakakasakit sa kanyang puso. Ano ba ang tingin nito sa kanya? Babaeng kaladkarin? Pumapatol sa ibang lalaki kahit

na may nobyo na? Hindi niya matanggap na ang lalaking pinapangarap niyang pakasalan ay walang ni katiting na tiwala sa kanya! “P-puwede bang umalis ka muna? Saka na lang tayo muling mag-usap kapag lumamig na ang ulo mo.”

“Hindi ako aalis hangga’t hindi naaayos ito!”
Lalong dumilim ang mukha ni Ramil sa pagseselos.

“Walang maaayos kung sinisigawan mo ako!”
Bumuntunghininga siya upang kalmantehin ang sarili. Nasira ang unang araw ng kanyang pagbabakasyon sa walang basehang pagseselos nito; ang kasiyahan niya sa pagsasama nila ay naglaho. “Umalis ka muna,” utos niya.

“Hindi ako aalis hangga’t hindi ka nagpapaliwanag.”
Hinawakan siya nito nang mahigpit sa mga balikat.

“Pare,” sabad ni Jay nang lapitan nito si Ramil,
“narinig mo si Tina. Umalis ka na muna.”

Nagkamali si Jay sa pakikialam nito nang tuluyan nang kumawala ang galit ni Ramil. Mabilis ang pangyayari dahil sa isang iglap ay nasuntok ng huli sa sikmura si Jay. Napasigaw si Tina nang mapahandusay ang nagulat na kaibigan sa sahi.

“Nakikita ko na ang tunay mong pagkatao, Ramil!” Nanlilisik ang mga mata niya nang tumingin

sa nobyo. Nasagad na ang kanyang pasensya sa pagiging arogante nito. Hindi man lang siya makakita ng kaunting pagsisisi sa galit na mukha nito.

“Nakikita ko rin na naguguluhan ka kung sino sa aming dalawa ang dapat mong mahalín,” matigas nitong sabi.

Sa pagkakataong iyon lang narinig ni Tina ang tono ng pananalita ng nobyo, na tila may natanggap na itong katotohanan.

“Are you all right?” tanong niya kay Jay.

Tumango lang ito habang nakatitig kay Ramil na parang nakakita ng isang halimaw.

“Puwede bang iwan mo muna kami ni Ramil?” pakiusap niya rito.

Nagmamadaling lumabas ang binata at naiwan ang dalawa sa gitna ng nakakabinging katahimikan sa kuwarto.

“Nakontento ka na ba sa ginawa mo kay Jay?” uyam ni Tina.

“Hindi pa,” galit na sagot ng binata. “Kung ako lang ang masusunod ay binasag ko na ang pagmumukha—”

“Kung wala kang masasabing matino ay huwag ka na lang magsalita!” utos niya. Lumayo siya rito upang mapigilan ang sariling sampalin ito. May minor disagreements sila pero hindi umaabot sa ganoon kagrabe.

“Ako ang maraming gustong sabihin, Tina,” matigas nitong sabi. “Sinasabi mong *kaibigan* mo lang ang hinayupak na ’yon pero sa nakikita ko ay may nangyayari sa inyong hindi karapat-dapat.”

“Sa maruming utak mo, mayroon!”

Lumapit ito sa kanya. “O ang kaibigan mong si Jay,” asik nito.

“What do you mean?” Naniningkit ang mga mata niya.

“Hindi ako bulag,” mahinang sagot nito. “Hindi mo ba naisip na maaaring may gusto sa ’yo si Jay?”

Kung hindi lang ito seryoso ay maaaring natawa na siya nang malakas. Si Jay, may gusto sa kanya? Katawa-tawa! Kung kilala lang ni Ramil ang kaibigan ay hinding-hindi nito paghinalaan na may gusto ito sa kanya. Kung tutuusin ay si Jay ang kahuli-hulihang lalaki na dapat pagselosan nito.

“Imposibleng mangyari ang sinasabi mo—”

“My God! Ganito ka ba kainosente? Lalaki si Jay at hindi santo.”

“Bisita ko siya, wala nang iba. Wala kang karapatan na bastusin siya o bugbugin!”

“Paalisin mo siya sa bahay na ito, Tina,” utos nito na tila hindi narinig ang unang sinabi niya.

“What?” di-makapaniwalang tanong niya.

“Paalisin mo siya rito,” pang-uulit nito.

“This is ridiculous!” Tinalikuran niya ito.

“Kakalimutan ko ang nakita ko kanina basta’t layuan mo na si Jay.”

Natigilan siya sa tono ng pananalita nito na parang may halong pananakot at babala. Alam nito na sa lahat ng ayaw niya ay binibigyan ng ultimatum! “At kung ayaw ko?”

“Wala ka nang nobyo sa araw na ito,” kalmanteng sagot nito.

“Tinatakot mo ba ako?” Gusto na niyang maiyak. Hindi na galit si Ramil, kalmante itong naghihintay ng kanyang desisyon. Hindi niya akalain na aabot sa ganoon ang usapan. Hindi niya magagawa ang hinihingi nito dahil alam niyang siya ang tama.

“Jay will stay,” matigas niyang sagot. “Hindi ko mapagbibigyan ang layaw mo.”

“Layaw?” Natawa ito, iyong tawa na nakakainsulto sa pandinig. “Relasyon natin ang itinatapon mo!”

“Mag-uusap tayo kapag nakapagpalamig ka na ng ulo. You’ll see, hindi ka dapat nagbigay ng kondisyon na ganyan.”

“Ako o si Jay?” tanong nito. “Pinamili kita at pinili mo si Jay,” mapait nitong sabi.

“Wala akong pinili!”

“Aalis na ako,” pamamaalam nito.

“Ramil—”

Hindi siya pinansin ng binata na tuluy-tuloy nang lumabas ng kuwarto. Hinabol niya ito hanggang sa labas ng corridor. Hindi niya napansin ang katulong na si Aling Meldy na napatanga sa kanilang pag-aaway sa kuwarto. “Ramil, this is crazy!” naiiyak niyang sabi.

“Malinaw na ang lahat, Tina,” matigas nitong tugon. “Mas mahal mo si Jay.”

“Naloloko ka na ba?” Hindi siya makapaniwala sa mga pinagsasabi nito. “Ikaw ang mahal ko!” Nakita

Bakit Ba Mahal Kita? - Bea Bautista

niya ang pagdududa sa mga mata nito. Bakit ba niya minamahal ang isang lalaking napakakitid ng utak?

“Tapos na sa atin ang lahat,” malungkot nitong pahayag at saka na lumabas ng bahay nang walang lingon-likod.

Hindi ganoon kadali iyon! gustong isigaw ni Tina habang pinapanood na papalayo ang lalaking minamahal....

3

“Magtatampo na ako sa ’yo, Ramil,” malambing na bati ni Mitchie Joven pagdating nito sa private office ni Ramil Villar na nasa top floor ng *Villar Building* sa Makati na nasa pag-aari ng binata. “Magmula nang dumating tayo sa Pilipinas ay hindi mo man lang ako mailabas para kumain o kaya ay mamasyal!”

Napilitan siyang ibaling ang atensyon sa maganda at sexy na babaeng nakatayo sa may pintuan mula sa kanyang konsentrasyon sa maraming papeles sa desk. Katulad ng dati ay nakangiti si Mitchie na tila maraming bagay sa mundo ang dapat tawanan; masyado itong optimistic sa pananaw sa buhay na mahahalata sa magandang bukas ng mukha at ngiti na nagpapakita sa perpektong ngipin.

“Tatandang binata kang agad kung hindi mo aalisin ang kunot-noo mo!” natatawang dagdag nito nang tuluyang makapasok sa opisina. Pinagkrus nito ang mahahabang binti nang umupo sa harap ng mesa ni Ramil.

“Napadalaw ka, Mitchie?” pormal niyang tanong.

“I’ve missed you these past few days,” sagot nito.

Tumaas ang isang kilay ni Ramil dahil hindi siya naniniwalang iyon nga ang dahilan ng biglaan nitong pagdating. Alam niyang may kailangan sa kanya ang babae kapag lumalapit ito. Isang taong magkasama silang palagi sa New Zealand; naging kaibigan niya ang pamilya nito sa kanyang pamamalagi roon.

Sa kabiglaan ng kanyang mama at mga kapatid ay ipinasya niyang mamalagi muna sa New Zealand upang siya mismo ang mamalakad sa negosyo nila roon. Mababaw ang kanyang idinahilan, na kesyo naba-bankrupt na ang negosyo kaya kailangang siya mismo ang mamahala niyon. Ang totoo ay nais niyang makalayo kay Tina. Gusto niyang makalimot at alam niyang ang paglayo ang pinakamagandang solusyon.

Ngunit lumipas ang isang taon na walang nangyayari sa kanya. Sa kanyang pakiramdam ay hindi na niya mapapalitan si Tina sa kanyang puso. Nais niya itong makita pero natatakot siyang baka ipagtabuyan lang siya nito. Sino ba ang may kasalanan sa kanila? Hindi ba si Tina dahil ipinagpalit siya sa isang lalaking nagngangalang Jay?

Napailing siya kapag naiisip na maaaring siya ang nagkamali. Paano kung siya pala ang naging narrow-minded sa sitwasyon at siya pala ang dapat sumbatan ng dalaga? Maraming bagay ang gumugulo

sa kanyang isip mula nang dumating siya sa Pilipinas; maraming katanungan na nangangailangan ng sagot.

Nagkamali ba siya sa pag-aakusa kay Tina na pinatulan nito si Jay? Nagkamali rin ba siya na pamiliin ito sa kanilang dalawa ng co-teacher nito? Matagal na niyang pinagseselosan ang kaibigan nito dahil dumating siya sa buhay ni Tina ay magkasama na nang matagal ang dalawa. Pinagseselosan niya ang closeness nila ni Jay; kapag nakikita niyang ngumingiti si Tina na kaibigan nito ay tila dinadaya siya. Nang makita ng dalawang mata niyang nakaakbay si Jay sa bagong ligong nobya sa mismong loob ng kuwarto ng dalaga ay sumabog ang matagal nang tinitimping galit at selos! Kaagad na uminit ang kanyang ulo, nakapagsalita siya ng masasakit na pinagsisihan niya kaagad.

“Akala ko kaya ka bumalik sa Pilipinas ay nakalimot ka na, Ramil,” mahinang untag ni Mitchie pagkakatang nanahimik ang binata. “Sa palagay ko’y lumala pa ang problema mo sa puso!”

“Pumunta ka ba rito upang usisain ako sa bagay na ’yan?” matigas niyang tanong.

Tumayo ito mula sa kinauupuang swivel chair. “Naikuwento sa akin ng kapatid mong si Vivian na depressed ka. Sa nakikita ko’y tama siya.”

Hindi nakahuma si Ramil dahil inakala niyang naitago niyang mabuti ang tunay na damdamin sa pamilya. Malungkot siya dahil nagtatalo ang kanyang isip; gusto na niyang puntahan si Tina, kausapin ito at nang malaman kung may pagtingin pa rin ito sa kanya.

Nakapagpalamig na siya ng ulo at handa na siyang magpakumbaba ngunit nag-aalangan pa rin siya. Hindi yata niya matatanggap kung malamang may ibang lalaki na sa buhay nito o kaya ay pinatulan nito si Jay.

Ang tanging nakakapagbigay sa kanya ng pag-asa ay ang pagseselos ng dalaga nang magkita sila sa sinehan. Hindi ba at tanda ng pagseselos ang pagbubuhos nito ng soft drink sa ulo ni Chanda? Sa nakaraang mga araw ay iyon lang ang nakakapagbigay sa kanya ng kasiyahan—ang maalala ang kinahinatnan ng persistence ni Chanda na lumabas sila. Ang babae ay anak ng isa sa mga business partner ng kanyang papa kaya hindi niya ito natanggihan. Sa kanyang pagkairita ay nagyaya pa itong manood ng sine pagkatapos nilang kumain sa labas. Sa bandang huli ay siya ang nasiyahan sa paglabas nila dahil pinagtagpo silang muli ni Tina. Kinausap na sana niya ito kung hindi lang ito umalis. Maraming salamat sa dalaga dahil hindi na siya

muling kinulit ni Chanda na lumabas. Wala sa taste niya ang babaeng masyadong agresibo na tulad nito.

“Si Tina pa rin ba ang gumugulo sa ’yong isipan?” tanong ni Mitchie sa mahabang pananahimik ng binata.

“Huwag mo nang itanong,” aniya. Naging matalik niyang kaibigan si Mitchie nang mamalagi siya sa New Zealand. Sa kasalukuyan ay naninirahan ito sa isang kamag-anak pero ang buong pamilya nito ay nag-migrate na sa ibang bansa. Sumabay ito sa kanya nang pagpasyahan niyang bumalik sa Pilipinas. Binabalak nitong pasyalan ang magandang tourist spots kaya umuwi ito pero sa kanyang tingin ay iba ang ginagawa nito. Siya ang ginagamit nitong libangan!

“Alam mo ba na kung alam ko lang na hindi ka in love sa ibang babae’y pinatulan na kita,” pagbibiro nito.

Pumalatak siya. “Kaya ka ba concerned sa akin?”

“Of course! Pagtitiyagaan ba kitang sundan rito sa Pilipinas if I’m not in love with you?”

“Ano ang gusto mo, Mitchie?” Nangungunsumi na siya. Marami pa siyang gagawin dahil natambakan siya ng trabaho sa isang taon na pagkawala; wala

siyang oras sa mga biro nito.

“Para sumaya-saya ka’y ipapasyal mo ako sa isang first-class restaurant rito sa Makati,” utos nito, sabay lapit sa kanya upang akbayan siya.

“Nabaligtad yata ang sitwasyon. Hindi yata at ikaw ang sasaya niyan?”

“Well, mayaman ka naman kaya okay lang kung i-treat mo ako, hindi ba?”

“Katulad ng matagal ko nang sinasabi, mahal mo ang pera ko at hindi ako.” Tuluyan na siyang natawa.

Sa bandang huli ay nakumbinsi rin siya ni Mitchie na kumain sa labas. Lulan sila ng magarang kotse ng binata habang tinatahak ang Ayala Avenue.

“Saan ba tayo kakain?” masayang tanong nito.

“Saan mo gusto?”

“Kahit saan.” Nagsisimula na itong mairita sa pananahimik ni Ramil. Kung hindi siya nito kakausapin ay hindi siya magsasalita at kung sasagot man ay napakatipid pa. “Dalhin mo na lang ako sa paborito mong restaurant.” Nakita nitong lalo siyang nanahimik na tila may nasabi itong masama. “Wala ka bang paboritong restaurant?”

“I know a place. Malapit lang,” matigas niyang tugon.

“Oh.” Iyon lang ang nasabi ni Mitchie dahil naintindihan na rin nito ang dahilan ng pananahimik ni Ramil. May koneksyon si Tina sa paboritong restaurant ng binata.

Pagdating sa restaurant ay sinalubong sila ng waiter na nakakakilala sa kanya. “Sir, sa dating table po ba?” nakangiting bati nito.

Pinamulahan siya ng mukha nang mapansin na natigilan ang waiter pagkakita kay Mitchie; alam niyang inaasahan nito na si Tina ang kanyang kasama. Sa di-maipaliwanag na dahilan ay na-guilty siya dahil parang tinraydor niya ang dating nobya sa pagdadala ng ibang babae sa paborito nilang restaurant.

Namamanghang napatitig si Mitchie sa kanya nang makaupo sila sa isang mesa na nasa may bintana. “Nagba-blush ka ba, Ramil?” napapangiti nitong tanong. “I think you’re embarrassed!”

Sa unang pagkakataon ay hindi nakapagsalita si Ramil dahil hindi niya masabi ang tunay na nadarama nang sandaling iyon. Alam niyang lalo siyang pagtatawanan ni Mitchie sa aaminin.

“Puwede bang bilis-bilisan mo, Jay,” nangungunsuming sabi ni Tina habang pinapanood ang huli sa paghahanap ng libro sa isang section sa bookstore sa Makati. Ilang oras na sila roon, nakabili na siya ng sariling mga libro at ilang school items samantalang si Jay ay hindi pa nakikita ang libro sa Philosophy na kailangan nito sa klase. “Alas doce na ng tanghali. Namumuti na ang mga mata ko sa gutom,” reklamo niya.

“Kahapon lang ay narito pa ’yong librong iyon,” nadidismayang sagot nito. “Hindi ko nabili dahil kulang ’yong dala kong cash.”

Naiiling na nilapitan niya ito. “Sinabi na ng saleslady na out of stock na sila ng librong iyon. Maghanap na lang tayo sa ibang bookstore.”

“Okay.”

“Teka muna.” Natatawang tumigil siya sa paglalakad palabas ng bookstore. “Kumain muna tayo!”

“Tina—” simula nitong protesta.

“Jay,” sabad niya, “hindi mo ako makakausap nang matino habang walang laman ang tiyan ko.”

“Okay, okay,” exasperated na tugon nito. “Ikaw

naman lagi ang nasusunod sa ating dalawa.” Kunwari ay masama ang loob nito.

“Mabuti’t alam mo,” nakangiti niyang biro. “Marami pa tayong oras na maghanap ng libro. Hindi ba’t five thirty ng hapon pa ang next class mo?”

“Yes, but I have to find that book!”

“We will basta’t nakakain na tayo,” mariin niyang sagot.

Ibang klase si Jay kapag nakapasok ng bookstore; nakakalimutan nito ang kapaligiran sa sobrang konsentrasyon sa mga libro. Mahilig ding magbasa ni Tina pero hindi katulad nito na addicted sa pagbabasa kaya halos mapuno na ang apartment nito ng libro. Kung susundin niya ang lalaki sa kagustuhan nito ay aabutin sila ng hapon bago siya makapananghalian!

“Saan ba tayo kakain? May alam ka bang magandang restaurant rito na malapit?” naiinip na tanong ni Jay na tila hindi makapaghintay na matapos silang kumain.

Natigilan si Tina nang mamataan niya mula sa di-kalayuan ang restaurant na madalas nilang puntahan ni Ramil. May kung anong sakit ang tumimo sa kanyang puso nang bumalik ang mga alaala nila ng dating katipan sa lugar na iyon. Halos

lahat ng okasyon ay isini-celebrate nila roon: birthday ni Ramil, birthday niya, anniversary nila, Valentine's Day at kung minsan ay nang-iimbento na lang sila ng mga dahilan para lang bumalik doon.

Mula nang maghiwalay sila ay iniwasan niyang makapasok sa restaurant na iyon. Lalo lamang siyang nagiging conscious sa mga bagay na hindi na maibabalik kapag nakakasalubong ang mga waiter na nakakakilala sa kanya at napagmamasdan ang romantic atmosphere sa loob.

“That’s a nice place,” pansin ni Jay pagkakitang tinitingnan ng natigilang dalaga ang restaurant. “Tara, doon na tayo kumain,” anito at hinila siya palapit doon.

“Tekang muna.” Hinila rin niya ang kamay mula sa pagkakahawak nito.

“Akala ko ba’y nagugutom ka?”

“Yes,” mariin niyang sagot, “pero maghanap na lang tayo ng ibang kakainan!” Hindi niya masabing may sentimental value sa kanya ang establishment dahil hindi nito maiintindihan ang kanyang dahilan. Kung may tao na walang romansa sa katawan ay si Jay iyon. Pagtatawanan nito ang kanyang pag-aatubili at tatawagin na naman siya nitong sentimental fool.

Kaya siguro wala pang girlfriend ang kaibigan ay dahil hindi ito marunong manligaw at manuyo ng babae.

“What’s wrong with this place?” nagtatakang tanong nito sa pagtangi niya. “Mukhang maganda ang ambience at mukhang masarap ang pagkain.”

“K-kasi—”

“Come on.” Tuluyan na siyang hinila nito papasok ng restaurant, hindi makapaghintay na makapananghali sila. “All restaurants are the same. Let’s just get over the meal at hanapin na natin ang librong iyon. Kailangang mabasa ko ’yon bago ako magklase bukas.”

“O-okay.” Kinakabahan siya sa di-maipaliwanag na dahilan nang makapasok na sila sa restaurant. Maaaring unconsciously ay inaasahan niyang lilitaw si Ramil sa kanyang harapan at susumbatan siya sa pagdadala niya kay Jay roon.

“Ma’am,” nakangiting bati ng waiter na nakakakilala sa kanya.

“Sa dating table na kami uupo, Jerry,” nakangiting sabi ni Tina sa waiter. Tatal ay narito na sila kaya naisip niyang umupo na lamang sila ng kaibigan sa dating mesang inookupahan nila ni Ramil.

“Eh, Ma’am,” napakamot ng ulong tugon ng waiter na tila hindi mapakali sa request niya, “may nakapuwesto na po roon.”

Nakita niyang namumutla ang waiter. Sa pag-aakalang natatakot itong ma-disappoint siya ay pinalawak niya ang kanyang ngiti. “It doesn’t matter, Jerry. Ilagay mo na lang ako sa kahit saang mesang available.”

Maraming kumakain sa oras na iyon kaya halos lahat ng mesa ay okupado. Iginala niya ang tingin papunta sa dating mesa at napako siya sa kinatatayuan.

“Ma’am, ang available na mesa ay ’yong katabi ng dating mesa mo,” kinakabahang sagot ng waiter pagkakitang natigilan siya.

“Tina, umupo na tayo,” naiinip na sabad ni Jay na walang kamalay-malay sa nangyayari. “Kahit saan pa tayo kumain ay walang halaga basta’t mapuno lang ang tiyan natin!”

Hindi niya narinig ang lahat ng sinasabi ng waiter at ni Jay dahil pakiramdam niya ay sandaling tumigil ang pag-ikot ng kanyang mundo. Si Ramil! Naroon ang binata! Napuno ng kaligayahan ang kanyang puso pagkakita rito, pakiramdam niya ay

muli siyang nabuhay at naging masigla.

“Tina, let’s have a seat,” ani Jay.

“Okay lang ba, Ma’am, kung ilagay kita sa table na ’yon?” tukoy ng waiter sa mesang katabi ng kinaroroonan ni Ramil at ng kasama nito.

“Hindi na—” Hindi niya naituloy ang pagtangga nang mamataang nakatingin si Ramil sa kanilang direksyon! Paano pa siya aatras? Iisipin nitong naduduwag siyang harapin ito at iyon ay hindi niya mapapayagan.

“U-umupo na tayo,” aniya kay Jay sa nanginginig na boses. Paglingon niyang muli ay napansin niyang may kasamang babae si Ramil. Hindi ang babaeng nasa sinehan; ibang babae at sa kanyang tingin ay disente at mabait ito. Nakaupo ang mga ito sa paborito nilang mesa ng dating nobyo kaya nakadama siya ng matinding galit. How dare him! Ang kapal ng mukha ni Ramil para magdala ng ibang babae roon! Ipinapakita ng binata na wala na siyang puwang sa puso nito, na hindi na mahalaga ang alaala nila. Nag-aatubili pa mandin siyang dalhin si Jay roon gayung matalik niya itong kaibigan!

“Tina, what’s the matter with you?” tanong ni Jay na nakita ang pamumutla niya. “Para kang nakakita

ng multo.”

“Maiintindihan mo rin,” galit niyang sabi pagkakitang tumayo si Ramil upang salubungin sila.

Kakausapin pa yata siya nito upang ipamukha sa kanyang napalitan na siya sa buhay nito. Ang babaeng kasama nito ay mukhang babaeng pakakasalan; hindi basta-basta na katulad ni Chanda. Ito ay iyong klase na maipagmamalaki sa kaibigan at pamilya kaya hindi siya magtata kang may relasyon nga ang dalawa.

“Tina,” mahinang bati ni Ramil, “kumusta ka na?”

“Mabuti,” taas-noo niyang sagot. “Ikaw, kumusta ka na?”

“I’m... fine,” nakangiting sagot nito. “Hindi tayo nagkaroon ng pagkakataong mag-usap noong una tayong magkita.” Pinaalala nito ang pagkikita nila sa sinehan.

Namula siya sa pagkapahiya. “Hindi na kita kinausap dahil nakikita kong *busy* ka sa kasama mo,” matigas niyang sabi.

May sumilay na matamis na ngiti sa mga labi nito. “Gusto kitang pasalamat sa ginawa mong pagtulong sa akin,” seryosong panimula nito.

“What do you mean?” nagsususpetsang tanong niya.

“Si Chanda ay may pagkakulit at pagkaagresibo. Sa pakiramdam ko nga’y ako na ang naha-harass.”

Hindi niya nakuhang ngumiti dahil hindi niya nakikita ang katatawanan sa sitwasyon. “I didn’t do it for you, Ramil. Nakakainis lang kasi iyong kasama mo dahil napakaingay.” Ipinagkibit-balikat niya ang sinabi. “Siyanga pala,” ibinaling niya ang atensyon sa kaibigan, “you do remember Jay?”

Simpleng tango lang ang sagot ni Ramil. Maliban doon ay hindi na nito pinansin ang presence ni Jay. Inaasahan niyang magpakita ito ng kaunting pagseselos na tulad ng pagseselos niya sa kasama nitong babae pero nabigo siya. Wala na nga siyang halaga sa ex-boyfriend. Ano ba ang aasahan niya gayung itinapon nito ang pag-iibigan nila dahil sa hindi nito pagtitiwala sa kanya.

“Excuse me, Ramil,” matigas niyang sabi upang makapuwesto na sila sa sariling mesa.

“Sandali lang.” Hinawakan nito ang kaliwang braso niya. “Why don’t you join us?”

“Nakakahiya naman sa kasama mo,” galit niyang tugon.

“Mitchie won’t mind,” pamimilit nito. “Besides, gusto ka niyang makilala.”

Natigilan siya. “Alam niya kung sino ako?”

“Yes.”

Napuno ng galit at hinanakit ang puso niya sa isinagot nito. Naikukuwento pala siya nito sa babaeng ipinalit sa kanya!

“Tina?” Naghihintay si Jay sa isasagot niya. Alam nito kung gaano siyang ka-tense dahil sa napakahigpit na pagkakahawak niya rito.

“I’m sorry—” Hindi niya naituloy ang pagtangga sa pagsabad ni Ramil.

“Huwag mong sabihin na naaalangan ka pa sa akin?” sarkastikong tanong nito. “Isang taon na ang nakalipas—”

“Hindi... ako... naaalangan,” nanggigigil niyang sagot. Alam na alam nito kung kailan siya hindi makakaatras; kapag hinahamon siya ay hindi siya makakatanging tanggapin ang dare nito.

“Kung hindi ka nag-aalangan ay bakit ka nagtatago sa akin?”

“Ayaw ko lang makapasok sa isang alanganing

sitwasyon,” asik niya. Pulang-pula ang mukha niya sa magkahalong pagkapahiya at pagkagalit sa binata. Hindi pa rin ito nagbabago; arogante at mapilit pa rin. “Pero kung ipagpipilitan mo, bahala ka!” Bago pa ito muling nakapagsalita ay hinila na niya si Jay palapit sa mesa kung saan nakaupo ang magandang babae.

“Mitchie, I want you to meet Tina Montelibano,” pagpapakilala ng nakakunot-noong si Ramil. Hindi niya nagugustuhang nakikita si Tina na kasama si Jay dahil umuusbong ang selos sa kanyang puso. Hindi na niya kailangang itanong kung may relasyon ang dalawa pagkakitang magkasama silang kakain doon. Pakiramdam niya ay traydor si Tina.

“Nice meeting you, Tina.” Nakipagkamay ang nakangiting si Mitchie.

Hinintay ni Tina na ipakilala ni Ramil si Jay pero katahimikan ang sumunod. Tiningnan niya nang masama ang binata sa pananadya nitong pambabastos kay Jay bago niya ito ipinakilala kay Mitchie.

“Sa wakas ay nakilala rin kita, Tina,” anang babae. “Ang dami nang naikuwento sa akin ni Ramil tungkol sa ’yo!”

Anong klaseng kuwento? nais niyang itanong pero sa halip ay ngumiti na lang siya. Ayaw man niya

ay tila nagugustuhan niya ang pagkatao ng bagong girlfriend na ito ni Ramil dahil maliban sa maganda ay mukha pang mabait. Girlfriend na nga kaya nito ang babae? Kailangan niyang makasiguro bago matapos ang araw na iyon. Pakiramdam niya ay sasabog ang kanyang dibdib sa posibilidad na pinalitan na nga siya ng binata pero kailangan niyang tanggapin ang katotohanan. “I think nasa disadvantage ako kung kilala mo na ako,” pagbibiro niya.

Natawa si Mitchie. “Well, nagkakilala kami ni Ramil sa New Zealand kaya hindi mo pa nga ako nakikilala maliban sa araw na ito.”

Magtatanong pa sana siyang muli nang dumating ang waiter na si Jerry upang kuhanin ang kani-kanilang order. Pag-alis nito ay napuno ng katahimikan ang mesa nila; walang nais magsimula ng conversation.

“Masasarap bang talaga ang mga Filipino dishes dito, Tina?” basag ni Mitchie sa katahimikan.

“Bakit hindi mo tanungin si Ramil?” matigas niyang tanong. “Madalas siyang kumain rito. Hindi ba, Ramil?” baling niya sa tahimik na binata. Matalim ang mga mata niya habang nakatitig dito, ipinapaabot na nagagalit siya sa pagdadala nito kay Mitchie roon.

“Matagal na akong kumakain rito kaya maaaring

biased ang opinyon ko,” sarkastikong sagot nito. “Bakit hindi mo tanungin si Jay dahil sa tingin ko’y ilang beses na rin siyang nakakakain rito.”

Malinaw ang galit ni Ramil na ipinaabot sa kanya. Hindi niya napigilan ang pamumula ng mga pisngi sa pagkapahiya pagkakitang tumaas ang isang kilay ni Mitchie. Bago pa siya nakasagot ay nagsalita si Jay.

“This is my first time to eat here kaya pareho lang tayo, Mitchie, na hindi nakakasiguro sa lasa ng kakainin natin,” nakangiting biro nito, hindi nakakahalata sa tensyon sa pagitan nina Ramil at Tina.

Nagpasyang tumahimik si Tina at pabayaang magkuwentuhan sina Mitchie at Jay. Si Ramil ay nahalata niyang hindi nakikisali sa usapan, sa kanyang pasasalamat dahil siguradong babarahin lang nito si Jay. Walang kaya si Jay pagdating sa pagiging sarkastiko ni Ramil sa nakaraang mga pagkakataong nagkasagutan ang dalawa.

Lihim niyang pinagmasdan ang dating kasintahan nang makitang hindi ito nakatingin sa kanya. Ano ba ang nabago rito? Wala sa hitsura kundi nasa bukas ng mukha; guwapung-guwapo pa rin ito at kapansin-pansin sa eleganteng pananamit at above average

na height. Ang kaibahan lang nito sa dating Ramil ay hindi na ito gaanong ngumingiti at palaging nakakunot-noo na tila maraming problema sa mundo. “Kumusta ang pamamalagi mo sa ibang bansa?” bigla niyang naitanong.

“Okay lang.” Nagkibit-balikat ito. “Kumusta na kayo ni Jay?” pag-iiba nito ng usapan.

“Okay lang,” sarkastikong sagot niya. Kung hindi siya masagot nang maayos nito ay ganoon din siya!

“Kailan kayo magpapakasal?”

Kasal? Inakala ba talaga ni Ramil na pinatulan niya si Jay at pakakasal siya rito? Kung hindi dumating si Jerry sa sandaling iyon dala ang kani-kanilang order ng pagkain ay natawa na siya nang malakas. Lihim siyang nagpasalamat nang makitang hindi narinig nina Mitchie at Jay ang itinanong ni Ramil.

“Tina?” untag ng binata.

“Wala ka na roon, Ramil,” matigas niyang sagot. “Nang tapusin mo ang relasyon natin ay wala ka nang karapatang usisain ang buhay ko,” mariin niyang bulong. Sa nanginginig na kamay ay ininom niya ang mango juice sa baso upang kalmantehin ang sarili.

“I would like to remind you—” Hindi nito

naituloy ang galit na pahayag nang biglang bumaling si Mitchie rito.

“Ramil, hindi mo lang alam kung gaano ko namiss ang pagkaing ganito,” anito habang kumakain.

Ibinaling ni Tina ang nadaramang magkahalong selos at galit sa pagkaing nasa harapan. Kapag pressured siya sa problema ay lumalakas ang kanyang kain. Inubos niya ang in-order nang wala sa oras at nilantakan ang dessert na ice cream. Nang maubos ay napansin niyang hindi ginalaw ni Ramil ang in-order nitong ice cream.

“You can have it,” napapangiting sabi nito.

Pinamulahan siya ng mukha dahil napansin ng binata na tinitingnan niya ang dessert nito! “N-no, thanks!” mabilis niyang tanggi.

Inilapag nito ang dessert sa harapan niya. “Eat,” utos nito. “Obviously, you’re stressed kaya ka malakas kumain,” biro nito.

Tinapunan niya ng masamang titig si Jay nang matawa ito nang malakas; pati si Mitchie ay napabungisngis. “You make me sound like a pig!” galit niyang sabi.

“I wonder kung ano ang dahilan ng stress mo,”

pagpapatuloy nito.

“Kailangan mo pa bang itanong ‘yan?” asik niya. “I thought it was obvious!” Walang sabi-sabi ay kinain niya ang ice cream nito na tila nagugutom pa rin. Mayamaya ay na-realize niyang hindi pa niya natatanong o nadidiskubre kung talagang girlfriend na nito si Mitchie. “Ah... eh... Mitchie...” Ngumiti siya nang harapin ang babae. Ipinasya niyang mas madali itong kausap kaysa sa dating nobyo. “Are you staying here for good? Nagtatrabaho ka sa New Zealand, hindi ba?”

“Doon ako nakatira kasama ng buong pamilya namin. Bumalik lang ako rito para sundan si Ramil,” biro nito.

Nakita niyang tiningnan nito ang binata na tila may nakakatawa sa sinabi nito. Naramdaman ulit niya ang bahagyang kirot ng dibdib. “Then, k-kailan ang kasal?” naglakas-loob niyang tanong.

“Kasal?” Kumunot ang noo ni Ramil.

“W-well, I assumed na magpapakasal kayo rito sa Pilipinas kaya sumunod si Mitchie rito!” asik niya. Kahit gaano kasakit sa kanya ang pagtatanong ay pinilit niyang maging kalmante.

“Tina, you’re—”

“Magpapakasal na nga kami,” sabad ni Ramil sa tangkang pagtangga ni Mitchie.

Sa pagiging miserable ay hindi niya napansin ang nagtatanong na mga mata ng babae sa katabi at ang matamis na ngiti na sumilay sa labi ng dating nakakunot-noong binata. “Kailan ang kasal?” tanong niya.

“Hindi pa naka-set ang date pero padadalhan ka namin ng invitation,” anito.

Tatalon muna ako sa Pasig River bago mo ako mapadalo sa kasal mo! naisip niya. “S-sana ay hindi ako busy sa mga araw na iyon o k-kaya ay hindi maisabay sa sarili kong... kasal!” Kung kaya nitong palitan siya sa loob ng isang taon ay kailangang ipakita niyang kaya rin niya!

“Ikakasal ka na?” tanong ni Mitchie.

“Y-yes.”

“Sino ang masuwerteng lalaki?” matigas na tanong ni Ramil. “Si Jay?”

“Of course!”

Sa pahayag niya ay nabilaukan si Jay na nakaupo sa kanyang tabi kaya napilitan siyang kabugin ang likod nito. “Jay, ano ka ba?” Pinilit niyang ngumiti

kahit alam na ang dahilan ng pagkasamid nito ay sobrang pagkagulat.

Natahimik sila maliban sa pag-ubo ni Jay; napuno ng tensyon ang apat na tao. Si Ramil ay pigil ang galit, si Tina ay miserable, si Mitchie ay naguguluhan samantalang si Jay ay nagpipigil na matawa.

Hindi natiis ni Tina ang ilang sandali pang pagkukunwari kaya napatayo siya. “I’m sorry kung mauuna na kami sa inyo.” Nakatingin siya kay Mitchie habang nagsasalita. “May pupuntahan pa kasi kami ni Jay.”

Bago makapaglabas ng pera si Jay ay inunahan ito ni Ramil. “I’ll settle the bill,” anito.

“But—”

“Ako na, Jay,” matigas nitong sabad. “I hope hindi ito ang huli nating pagkikita, Tina.”

Pinilit niyang ngumiti. “Magkikita pa rin tayo, Ramil,” sagot niya. *Kapag hindi na gaanong masakit ang nangyaring ito ay saka ako muling haharap sa ’yo.*